



CAPITAL OF SILICON VALLEY
ABISO SA NAHULING PAGBABAYAD

Finance Department

Petsa ng Abiso: (sumangguni sa Ingles)

RE: Address ng Serbisyo: (sumangguni sa Ingles)
Kustomer/Account: (sumangguni sa Ingles)
Balanseng Dapat Bayaran: (sumangguni sa Ingles)

Mula sa nabanggit na Petsa ng Abiso, ang Municipal Water System ng Lungsod ng San José ("Lungsod") ay hindi nakatanggap ng bayad para sa iyong singil sa tubig, at ito ay **LUMIPAS NA**. Dahil dito, ang isang singil bilang multa sa pagkahuli (sumangguni sa Ingles) ay idinagdag sa iyong balanseng dapat bayaran. Ang parusang ito ay *hindi* kasama sa nakalipas na halagang dapat bayaran na ipinapakita sa itaas.

Maaaring madiskonekta ang iyong serbisyo sa tubig sa loob ng 60 araw ng Petsa ng Abiso na ito kung ang Balanseng Dapat Bayaran na nasa itaas ay hindi binayaran nang buo. Ito ang UNANG abiso ng Nakalipas na Balanse. Kung hindi matatanggap ang buong bayad, magpapadala ang Lungsod ng IKALAWANG abiso na magpapaalam sa iyo na maaaring wakasan ang iyong serbisyo sa tubig. Kung hindi pa rin matatanggap ang buong bayad, bilang PANGATLO at panghuling paunawa, susubukan ng Lungsod na makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng telepono o gamit ang door tag. Responsibilidad mong gawin ang iyong mga pagbabayad, matanggap mo man o hindi ang mga babalang ito. Ang patakaran sa serbisyo ng tubig ay matatagpuan online sa <https://www.sanjoseca.gov/customerservice>. Mag-scroll sa *Mga Kustomer ng San José Municipal Water System* at i-click ang *Mga Patakaran at Pamamaraan sa Mga Serbisyo sa Tubig*.

Ang pagbabayad ay maaaring isagawa sa isa sa mga sumusunod na paraan:

- **Online:** Bumisita sa E-bill Express sa <https://www.e-billexpress.com/ebpp/CSJUtilities/Login/Index>.
- **Telepono:** Magbayad anumang oras gamit ang credit card, debit card, o direkta mula sa iyong bank account, gamit ang Interactive Voice Response system sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 535-3500. Isang live representative ang available sa normal na oras ng negosyo ng Lungsod na 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Lunes-Biyernes.
- **Personal:** Dalhin ang kopya ng abisong ito at ang bayad sa City Hall, 200 East Santa Clara St., 1st Floor, San José, CA 95113
- **Koreo:** Ipadala ang tseke o money order kasama ang coupon ng bayad sa sobrang ibinigay. Isulat ang iyong kustomer/account number sa tseke o money order. Ipadala sa: City of San José, P. O. Box 888242, Los Angeles, CA 90088-8242
- **Drop box:** Ilagay ang tseke at stub ng bayad sa isang selyadong sobre 24 oras kada araw sa drop box na matatagpuan sa: **San José City Hall, 200 East Santa Clara Street, sa pasukan sa Sixth at Santa Clara Street. Huwag maglalagay ng cash sa Drop Box. Para sa lahat ng pagbabayad ng cash, tingnan ang "Personal" na opsyon ng pagbabayad sa itaas. Ang mga pagbabayad ay kinokolekta kada araw sa loob ng Mga Oras ng Negosyo.**

Mga nangungupahan: Kung ikaw ay isang nangungupahan na may kasunduan sa pag-upa o pag-renta, at ang iyong landlord ay may pananagutan para sa nakalipas na takdang bayarin, maaari kang maging kustomer nang hindi nagbabayad ng nakalipas na halaga at multa sa pagkahuli. Makipag-ugnayan sa Customer Contact Center sa (408) 535-3500 sa mga normal na oras ng negosyo para sa karagdagang tulong.

Kaayusan sa pagbabayad: Ang mga opsyon sa pagbabayad, tulad ng isang ipinagpaliban o isang alternatibong iskedyl ng pagbabayad, ay maaaring isaayos sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Contact Center sa (408) 535-3500. Tandaan na maaari ka lang magkaroon ng isang aktibong pagsasaayos ng pagbabayad sa bawat pagkakataon.

Pagsusuri ng Bill: Kung gusto mong i-dispute ang bill na ito, tawagan ang Customer Contact Center sa (408) 535-3500, at bayaran ang undisputed na bahagi upang maiwasan ang mga multa sa pagkahuli. Susuriin ang iyong bill. Kung hindi ka nasiyahan sa resulta ng pagsusuring ito, sa loob ng labinlimang (15) araw, kailangan mong maghain ng Bill Review Appeal Form sa <https://www.sanjoseca.gov/waterpaymentresources>. Ang bill ay muling susuriin, at ikaw ay aabisuhan sa panghuling desisyon ng Lungsod.

Ito ay isang mahalagang abiso tungkol sa iyong singil sa tubig. Ang Lungsod ay hindi nakatanggap ng bayad. Para sa mga katanungan o impormasyon tumawag sa (408) 535-3500.

Mangyaring ibalik ang bahaging ito kasama ang iyong bayad

Lungsod ng San José

Kustomer/Account No.	Halagang Dapat Bayaran	Halagang Nakalalip
	\$	\$

200 East Santa Clara Street San José, CA 95113



Magbayad sa:

City of San José PO Box 888242
Los Angeles, CA 90088-8242